

ANG IYONG KARAPATANG MAKATANGGAP NG ABISO SA GOOD FAITH ESTIMATE

Para sa mga pasyenteng walang insurance o piniling huwag gumamit ng insurance

May karapatan kang makatanggap ng “Good Faith Estimate (GFE)” na nagpapaliwanag sa inaasahang halaga ng mga item at serbisyong pangkalusugan bago ka tumanggap ng pangangalaga. Nalalapat ang abisong ito kapag wala kang insurance para sa item o serbisyo, o kapag may insurance ka ngunit pinili mong huwag ipasingil sa Opsam Health ang iyong insurance.

Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo

- Maaari kang humiling ng Good Faith Estimate (GFE) bago mag-iskedyul ng iyong appointment. Maaari ka ring makatanggap ng GFE na naglalaman ng inaasahang mga singilin nang hindi bababa sa tatlong (3) araw ng trabaho bago ang iyong nakaiskedyul na mga serbisyong hindi pang-emergency.
- Kasama sa estimate ang inaasahang mga singil para sa pangunahing serbisyo at iba pang item o serbisyong makatuwirang inaasahan bilang bahagi ng iyong pagbisita o plano ng pangangalaga.
- Ang estimate na ito ay hindi bill at hindi kontrata. Hindi ka obligadong tanggapin ang mga serbisyong nakalista mula sa Opsam Health o sa alinmang provider na nakalista sa estimate.
- Kung magbabago ang inaasahang pangangalaga sa iyo, ia-update ng Opsam Health ang estimate alinsunod sa mga kinakailangan ng batas.

Kailan mo dapat matanggap ang estimate

Sitwasyon	Kailan Dapat Ibigay ang Nakasulat na GFE
Mag-iskedyul nang hindi bababa sa 3 araw ng trabaho bago ang serbisyo.	Hindi lalampas sa 1 araw ng trabaho pagkatapos ng petsa ng pag-iskedyul
Mag-iskedyul nang hindi bababa sa 10 araw ng trabaho bago ang serbisyo.	Hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho pagkatapos ng petsa ng pag-iskedyul
Humiling ng estimate bago mag-iskedyul	Hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho pagkatapos ng iyong kahilingan

Kung mas mataas ang iyong bill kaysa sa iyong estimate

- Kung makatanggap ka ng bill na hindi bababa sa \$400 na mas mataas kaysa sa GFE para sa isang provider o pasilidad, maaari mong tutulan ang bill sa pamamagitan ng pederal na proseso ng Patient-Provider Dispute Resolution.
- Magtago ng kopya o larawan ng iyong GFE at bill. Maaaring kailanganin mo ang pareho kung pipiliin mong tutulan ang bill.
- Ang pagsisimula ng isang dispute ay hindi makakaapekto sa kalidad ng pangangalagang matatanggap mo mula sa Opsam Health.

Paano humiling ng Good Faith Estimate

Magtanong sa aming front desk o scheduling team, o makipag-ugnayan sa Opsam Health sa 844-200-2426 bago ang iyong pagbisita. Mangyaring ipalam sa amin kung wala kang insurance, o kung mayroon kang insurance ngunit ayaw mong gamitin ito para sa pagsingil ng iyong serbisyo. **Mga tanong tungkol sa iyong pederal na mga karapatan sa GFE:** Bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises/consumers, mag-email sa FederalPPDRQuestions@cms.hhs.gov, o tumawag sa 1-800-985-3059.

Tulong Pinansyal

Nag-aalok ang Opsam Health ng sliding fee discount program para sa mga kwalipikadong pasyente. Tanungin ang aming kawani kung nais mong mag-apply o i-update ang iyong impormasyon.